# NATATANGING DAAN PATUNGONG KALIWANAGAN

*by:*
**Xian Jade L. Ansale**
*San Ramon Elementary School*

Para sa masagana na reporma ng edukasyon, binigyang-diin ng Ikalawang Congressional Commission sa Edukasyon (EDCOM 2) ang pangangailangan ng isang matatag na pakikisama ng mga stakeholders at ng malakas na pagtutulong-tulong.

Importatnte ang pakikisama at pagkakaintindihan sa lahat ng bagay at kung ito ay para sa ikabubuti ng reporma sa ikabubuti ng reporma pang-edukasyon, nararapat lamang na pagpapatuloy nila ito. Samantala, mahirap makamit ang koordinasyon kung kaya't masasabi ko na kailangan muna ng pagkakaintindihan bago pa man ang sumunod.

Bukod sa pag-aaral sa mga posibleng istraktura na mapapahusay ang koordinasyon ng mga ahensya ng gobyerno, ay dapat rin ikabahala ng Commission ang ibang mga factors na nagsisimula sa kasalukuyang mga proseso at sistema ng pamahalaan, ika ni EDCOM 2 Executive Director Karol Mark Yee.

Dapat nga naman ngunit kung maaari ay magtuon muna sila sa isang ninanais nilang makamit. Kung para sa akin, ay kailangan muna nilang magtuon sa koordinasyon at pakikisama lalo't lalo na sila ay may awtoridad na mamuno mas karapat-dapat ang isang matatag na samahan para na rin sa reporma ng edukasyon.

Binigyang-diin ni EDCOM2 Chief Legal Officer Joseph Noel Estrada ang pangangailangan sa pampubliko at suporta ng mga stakeholder para sa reporma ng mga inisyatibo ng Commission. Idinagdag rin ni Estrada ang pampublikong suporta para sa edukasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bilang isang mag-aaral, totoo na kailangan ng mas lalo pang suporta lalo na pagdating sa edukasyon. Dahil sa katunayan, nakakaranas ng paghihirap ang bansa dahil sa kakulangan ng suporta. Ngunit hindi rin naman madaling makuha at magbigay ng suporta sa ganitong bagay kung walang matinong pagsasama ng mga ahensya.

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan